# EUCHARISTIC LITURGY MUSIC

*Pista Sa Nayon*

## SAN LORENZO RUIZ

**Feast Day Celebration**

**FR MARLON MATEO**
Mass Celebrant

**FOR THE 1:00 PM MASS**

SUNDAY, SEPTEMBER 27, 2026

**St Clare Of Assisi**

19606 Calla Way Canyon Country, CA USA 91351

*Entrance*

# PURIHIN ANG PANGINOON

Refrain

Purihin ang Panginoon,
Umawit ng kagalakan
At tugtugin ang gitara
At ang kaaya-ayang lira
Hipan ninyo ang trumpeta

Verse I

Sa ating pagkabagabag,
sa D'yos tayo'y tumawag
Sa ating mga kaaway,
Tayo ay Kanyang iniligtas
(Repeat Refrain)

Verse II

Ang pasaning mabigat
Sa 'ting mga balikat
Pinagaan nang lubusan
Ng Diyos na Tagapagligtas
(Repeat Refrain)

## PANGINOON MAAWA KA

Panginoon Maawa ka
[Response]
Panginoon Maawa ka,
Panginoon Maawa ka
Kristo Maawa ka
[Response]
Kristo Maawa ka,
Kristo, Kristo Maawa ka
Panginoon Maawa ka
[Response]
Panginoon Maawa ka,
Panginoon Maawa ka,
Panginoon Maawa ka.

## PAPURI SA DIYOS

[Chorus]
Papuri sa Diyos, papuri sa Diyos
Papuri sa Diyos sa kaitaasan

[Verse 1]
At sa lupa'y kapayapaan,
At sa lupa'y kapayapaan
Sa mga taong kinalulugdan niya
Pinupuri ka namin,
Dinarangal ka namin
Sinasamba ka namin,
Ipinagbubunyi ka namin
Pinasasalamatan ka namin
Dahil sa dakila mong
angking kapurihan

[Verse 2]
Panginoong Diyos,
Hari ng Langit, Diyos Amang
makapangyarihan sa lahat
Panginoong Hesukristo,
Bugtong na Anak. Panginoong Diyos,
Kordero ng Diyos, Anak ng Ama
[Chorus]
Papuri sa Diyos, papuri sa Diyos
Papuri sa Diyos sa kaitaasan

[Verse 3]
Ikaw na nag-aalis ng mga
kasalanan ng sanlibutan
Maawa ka, maawa ka, sa amin
Ikaw na nag-aalis ng mga
kasalanan ng sanlibutan
Tanggapin mo ang aming kahilingan
Tanggapin mo ang aming kahilingan
Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama
Maawa ka, maawa ka sa amin


[Chorus]
Papuri sa Diyos, papuri sa Diyos
Papuri sa Diyos sa kaitaasan

[Verse 4]
Sapagkat ikaw lamang ang banal
at ang kataas-taasan
Ikaw lamang, O Hesukristo
ang Panginoon
Kasama ng Espiritu Santo sa
kadakilaan ng Diyos Ama,
Amen Ng Diyos Ama, amen

[Chorus]
Papuri sa Diyos, papuri sa Diyos
Papuri sa Diyos sa kaitaasan

# RESPONSORIAL PSALM

**Response:** *(Organ/SATB)*




*Your ways, O LORD, make known to me;*
*teach me your paths,*
*guide me in your truth and teach me,*
*for you are God my savior.*

*Remember that your compassion, O LORD,*
*and your love are from of old.*
*The sins of my youth and my frailties re-*
*member not;*
*in your kindness remember me,*
*because of your goodness, O LORD.*

*Good and upright is the LORD;*
*thus he shows sinners the way.*
*He guides the humble to justice,*
*and teaches the humble his way.*

## *Offertory*

# SANLIBONG BUHAY

Verse I

Sanlibo man aking buhay,
Bawa’t isa’y iaalay
Sa D’yos at bayan kong mahal,
‘sasanggalan inyong dangal

Verse II

Isugo Mo kahit saan,
hamakin man ako’t saktan
Dalangin ko’y maging tapat,
pag-ibig Mo ay sasapat

Refrain

Sanlibo man aking buhay,
Sanlibo ring iaalay
Sanlibo kong kamatayan
sa palad Mo ilalaan
(Repeat Refrain)

## SANTO

[Verse 1]
Santo, Santo, Santo,
Panginoong Diyos
Napupuno ang langit at lupa
ng kadakilaan Mo

[Refrain]
Osana, osana, osana sa kaitaasan
Osana, osana, osana sa kaitaasan

[Verse 2]
Pinagpala ang naparirito
Sa ngalan ng Panginoon

[Refrain]
Osana, osana, osana sa kaitaasan
Osana, osana, osana sa kaitaasan

## SI KRISTO AY GUNITAIN

Si Kristo ay gunitain.
Sarili ay inihain.
Bilang pagkai't inuming
pinagsasaluhan natin
Hanggang sa Siya'y dumating
Hanggang sa Siya'y dumating

# AMA NAMIN

[Verse 1]

Ama namin, sumasalangit Ka,
sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo,
sundin ang loob Mo
Dito sa lupa para nang sa langit
Bigyan Mo po kami ngayon
ng aming kakanin sa araw-araw
At patawarin Mo kami
sa aming mga sala
Para nang pagpapatawad namin
sa nagkakasala sa amin
At huwag Mo kaming ipahintulot
sa tukso
At iadya Mo kami
sa lahat ng masama

[Verse 2: Doksolohiya]

Sapagkat sa 'Yo ang kaharian,
kapangyarihan, at kapurihan
Ngayon at magpakailanman,
ngayon at magpakailanman

# KORDERO NG DIYOS

Kordero ng Diyos na nag-aalis
Ng mga kasalanan ng mundo
Maawa Ka sa amin
Kordero ng Diyos, maawa Ka

Kordero ng Diyos na nag-aalis
Ng mga kasalanan ng mundo
Maawa Ka sa amin
Kordero ng Diyos, maawa Ka

Kordero ng Diyos na nag-aalis
Ng mga kasalanan ng mundo
Ipagkaloob Mo sa amin
Ang kapayapaan



*Communion*

# TINAPAY NG BUHAY

Refrain

Ikaw, Hesus, ang tinapay ng buhay
Binasbasan, hinati′t inialay
Buhay na ganap ang sa ami'y kaloob
At pagsasalong walang-hanggan

Verse I

Basbasan ang buhay naming handog
Nawa′y matulad sa pag-aalay Mo
Buhay na laan nang lubos
Sa mundong sa pag-ibig ay kapos
(Repeat Refrain)

Verse II

Marapatin sa kapwa maging tinapay
Kagalakan sa nalulumbay
Katarungan sa naaapi
At kanlungan ng bayan Mong sawi
(Repeat chorus)

Coda

At pagsasalong walang-hanggan

*Communion*

# ANIMA CHRISTI

[Verse 1]
Soul of Christ, sanctify me
Body of Christ, save me
Water from the side of Christ, wash me
Passion of Christ, give me strength

[Pre-Chorus]
Hear me Jesus, hide me in Thy wounds
That I may never leave Thy side

[Chorus]
From all the evil that surrounds me,
defend me
And when the call of death arrives,
bid me come to Thee
That I may praise Thee with Thy saints
forever

(Repeat Pre-Chorus)

(Repeat Chorus)



*Recessional*

## HUMAYO'T IHAYAG

Verse 1

Humayo't ihayag (purihin Siya)
At ating ibunyag (awitan Siya)
Pagliligtas ng Dios
Nasa krus ni Hesus
Ang Syang sa mundoy tumubos

Verse 2

Langit at lupa Siya'y papurihan
Araw at tala Siya'y parangalan
Ating pagdiwang pag-ibig
ng Dios sa tanan,
Aleluya!

Verse 3

At isigaw sa lahat,
kalinga Niya'y wagas
Kayong dukha't salat,
pag-ibig Niya sa inyo ay tapat

Verse 4

Halina't sumayaw (buong bayan)
Lukso sabay sigaw (sanlibutan)

Ang ngalan Niyang angkin
'sing ningning ng bituin
Liwanag ng Dios sumaatin

Verse 5

Langit at lupa Siya'y papurihan
Araw at tala Siya'y parangalan
Ating pagdiwang pag-ibig ng Dios
sa tanan,
Sa tanan!

Coda

Ating ‘pagdiwang pag-ibig
ng Dios sa tanan
Aleluya!